

*"May sorpresa ako sa inyo," sabi ni Itay na nakangiti.*





# Puzzle ng Pamilya ni Lindsay

**Ni Jill Hacking**
Mga Magasin ng Simbahan

Batay sa tunay na buhay


*"Mga ninuno'y ating hahanapin, Ngalan nila'y aalalahanin"* (Aklat ng mga Awit Pambata, *146–47*).

Tumakbo si Lindsay pababa ng hagdan nang tawagin ni Itay ang pangalan niya.

Nitong mga huling araw marami na silang pinagtulungang gawin na family history. Tutulungan siya ni itay na mag-log on sa FamilySearch website, at magkasama silang maghahanap ng mga retrato at kuwento ng pamilya. Noong makalawa lang ay may natagpuan siyang isang lumang-lumang dokumento tungkol kay Lolo sa kanyang misyon!

Nakarating si Lindsay sa ibaba ng hagdan kung saan naghihintay si Itay. "Gagawa po ba tayo ng family history ngayong gabi?" tanong niya.

"Oo, at may sorpresa ako sa iyo," sabi ni Itay na nakangiti. Iniabot nito sa kanya ang isang mahaba at nakarolyong papel na hawak niya sa kanyang likuran. Maingat itong binuklat ni Lindsay. Tinitigan niya ang malaking hugis-pamaypay na nasa pahina. Naroon ang pangalan niya sa ibaba! Napakarami pang ibang pangalang nakahanay nang maayos sa paligid ng pangalan niya.



MGA PAGLALARAWAN NI VICTOR RIVAS

"Kayo po iyan ni Inay," sabi ni Lindsay, habang nakaturo sa mga pangalang pinakamalapit sa pangalan niya. "At hayun sina Lola at Lolo!"

"Tama," sabi ni Itay. "Ipinapakita sa fan chart na ito ang mga pangalan ng mga ninuno mo mula sa *siyam na* henerasyon."

Napakaraming pangalan. Pero may ilang lugar na walang laman. Nagtaka si Lindsay tungkol sa nawawalang mga pangalan. "Kamukha ito ng mga puzzle na madalas naming gawin ni Lolo," sabi niya. Ilang taon nang patay si Lolo, at talagang hinanap-hanap ito ni Lindsay.

Tumango si Itay. "Ito *ay* parang puzzle. Isang napakahalagang puzzle. At bawat miyembro ng pamilya ay parang isang piraso ng puzzle."

Muntik nang matawa si Lindsay nang maisip niya si Lola na kahugis ng isang piraso ng puzzle.

"Kapag nakita natin ang pangalan ng isang tao at ginawa natin ang mga ordenansa sa templo para sa kanila, inuugnay natin sila sa iba pang mga kapamilya—gaya ng pagdidikit-dikit ng mga piraso ng puzzle. *Ikaw ay* tumutulong sa pagbuo ng puzzle na ito."

"Wow!" Hinaplos-haplos ni Lindsay ang mga pangalan. Alam niya noon pa na mahalaga ang family history, pero mas sabik pa siyang tumulong ngayon. *Lahat* ng kapamilya niya ay maaaring pag-ugnay-ugnayin magpakailanman!


Idinikit ni Lindsay ang kanyang bagong chart sa kisame sa ibabaw mismo ng higaan niya. Gustung-gusto niyang titigan ang chart at pag-aralan ang lahat ng pangalan. Naisip niya ang lahat na magkakahawak-kamay, magkakaugnay na parang mga piraso ng puzzle. Masaya siya. Ito ang pinakamalaking puzzle sa lahat ng nakita na niya!

Isang gabi hindi makatulog si Lindsay. Talagang madilim sa kuwarto niya. Ang mga munting liwanag ng gabi ay lumikha sa mga dingding ng maliliit na aninong nakakatakot. Tinakpan niya ng kumot ang ulo niya at mariing pumikit.

Makalipas ang ilang sandali sumilip siya at nakita niya ang chart. Binasa niya ang pangalan niya. Pagkatapos ay binasa niya ang mga pangalan nina Inay at Itay. Pagdating niya sa pangalan ni Lolo, nakadama siya ng sigla at kapayapaan.

Naalala niya kung paano ngumiti si Lolo sa kanya nang magkasama silang gumawa ng mga puzzle. "Kapag tinutulungan ko si Itay na gumawa ng family history," naisip niya, "pinag-uugnay-ugnay ko ang aming pamilya!" Naisip niya na lalong nakangiti si Lolo tungkol dito. Hindi na siya natakot. Ngumiti siya at namaluktot sa ilalim ng kumot at nakatulog na napapanaginipan ang mga tao at mga puzzle at pinag-uugnay-ugnay ang kanyang buong pamilya. ■

## LISTAHAN NI LINDSAY



Maraming paraan si Lindsay sa paggawa ng family history!

Gumawa siya ng sarili niyang family tree sa FamilySearch.org. Naghahanap siya ng mga kuwento at retrato ng kanyang pamilya.

Nilulutas niya ang mga hiwaga ng family history! Minsa'y may isang talaan na nawawala. Nagpunta sila ng tatay niya sa isang family history library. Naghanap sila sa mga file at nakakita ng isang kopya. Natagpuan din nila ang mga pangalan ng iba pang mga miyembro ng pamilya!

Paborito niyang bahagi sa paggawa ng family history ang paghahanap ng mga pangalan para sa gawain sa templo. Nasasabik siyang magpunta sa templo at magpabinyag para sa iba kapag 12 anyos na siya.